

# Pagpupulong sa FICEC "Buksan ang inyong puso"



## Tema ng unang pagtitipon "Tungkol sa pag-alaga ng bata"

Ang pagpupulong ay ginanap noong Hunyo 25. Tinalakay ang "Kaibahan ng mga paaralan sa Japan at sa ibang bansa." Ang magandang balita ay marami ang dumalo. May propesor at isang banyagang estudyante

sa Saitama University, isang guro sa Kawagoe Technical Evening High School, guro ng wikang Nihongo mula sa Saitama prefecture, may propesor ng Nihon Fukushi University, at mga gurong Hapones para sa mga banyagang mag-aaral. May mga banyagang ina at kanilang mga anak, na siyang mga pangunahing panauhin, ang nagtipon sa FICEC. May bilang na 18 katao ang dumalo sa pagpupulong na naganap.

### ★ Dahilan ng pagbukas ng pulong sa FICEC

Mahigit na sa 20 taon na tumutulong ang FICEC sa mga banyaga at may mga kaso na nakakabahala. Ang mga banyagang pumupunta sa FICEC upang kumunsulta ay mukhang nahihirapang makisalamuha sa mga Hapones. Bakit hindi sila matutong mamuhay ng mag-isa? Bakit sila umaasa sa ibang tao? Hindi ba sila tanggap agad ng mga Hapon? O may hindi nakikitang pagitan sa mga banyaga at mga Hapones?

Sabi ng isang principal, noong siya ay nagtuturo ng wikang Hapon sa elementarya at junior high school sa Fujimino city, "May estudyanteng Intsik na isinama pauwi ng mga magulang sa kanilang bansa ng walang pasabi sa eskuwelahan. Bumalik pagkatapos ng Chinese lunar New Year, 2 buwan makalipas. Hindi pa sya gaanong marunong ng Nihongo kung kaya't nahihirapan at hindi pa sya makasabay sa pag-aaral sa eskuwela."

Marami ding mga banyagang magulang na pinapupunta dito ang mga anak. Ipinapasok sila sa paaralan, pero dahil sa hindi pa nakakaintindi ng Nihongo ang mga bata ay nagkakaroon ng iba't ibang problema. Kung kaya't ang pagpupulong na ito ay upang magkaroon ng pag-uusap at palitan ng kuru-kuro tungkol sa mga bagay na ito.

### ★ Opinyon ng mga banyagang ina sa pulong

Ang club activities sa paaralan sa Japan ay masyado daw mahigpit, ang pakikitungo ng seniors at juniors ay masyadong istrikto gaya ng sa militar. Sa China at Thailand, ang mga bata ay nakatira sa dormitoryo at ang pag-disiplina at pagtuturo ng mabuting pag-uugali ay itinuturo sa paaralan. Sa Japan, ang mga magulang ay kailangang pumunta sa pagbisita sa mga klase at sa mga aktibidad ng Parents-Teachers Association. Ang mga nanay na Hapones ay masigasig na parang super woman. Ang asawa kong Hapon ay umaasang maging ganun din ako, subalit ito ay mahirap gawin. Sa nursery school, ang mga bata ay naglalaro lamang at hindi sila nag-aaral. Ito ay nakakabahala para sa akin.

### ★ Ang susunod na pagpupulong

Ako ay galing sa bansang Taiwan. Naniniwala ako sa kasabihang "Kung ikaw ay nasa Roma, gayahin mo ang taga-Roma." Bakit hindi tayo mamuhay ng ganito sa Japan? Sa tingin ko ay masasanay tayo sa tunay na kulturang Hapon at makakabagay sa kanila kung ganoon. Sana ay bukas din ang isipan ng mga Hapon at tanggapin ang mga dayuhan. Makakalikha tayo ng mapayapang lipunan na walang diskriminasyon.

Para sa susunod na pagpupulong, tingnan sa Facebook at website ng FICEC.

Ang tema ay "International marriage". Ito ba ay mabuti o masama, para sa iyo? Sali po kayo.

Sinulat ni YAMAZAKI Yuri, FICEC

## Laro tayo ng Bado-tennis!

Maglibang tayo sa bagong laro na “bado-tennis”. Ipinapa-uso ito sa Fujimi-shi. Nilalaro ito sa badminton court gamit ang malambot na bola. Subukang maglaro at magkaroon ng mga bagong kaibigan. Tara at sumali tayo!

\*Lugar: Gymnasium ng Suwa Elementary School, Fujimi-shi

\*Petsa: Agosto 26 (Sabado) 14:00 ~ 17:00

※Kumontak at magpalista sa Shougai Gakushu Section, Municipal Board of Education, Fujimi-shi

Tel. 049-251-2711



## Mga Ebento sa Fujimino-shi

### (1) Art Fiesta Fujimino 2017



Isang malakihang ebento ang idaraos sa Fujimino-shi. Ang tema ngayong taon ay “Tomoiki”, na ang ibig sabihin ay mamuhay tayong magkakasama.

Makisaya sa iba’t-ibang mga exhibition, concert, hula dance o sign language dance, at mga bazaar. Halos kulang ang isang buong araw upang makipagsaya sa kaganapan. Kabilang ang FICEC para sa palaro mula sa Korea at Pilipinas, at ang Pilipinong sayaw na pang-internasyonal ang pagganap.

\*Petsa: Oktubre 7 (Sabado) 10:00 ~ 16:00

\*Lugar: Industry and Culture Center, Soyoca Fujimino, Round park

### (2) Makisaya tayo sa ika-3 taon ng pagdiriwang ng Nishi-Ko Festival




\*Lugar: Nishi Kouminkan, Kami-Fukuoka

\*Petsa: Setyembre 10 (Linggo) 9:45 ~ 14:00

Manood ng pag-iikot ng baton, Awa-odori (sayaw) at makakabili ng iba’t ibang meryenda. Kasali ang FICEC sa paghanda ng masarap na lutuing Taiwan at Chinese dito.

## Permanenteng lugar para sa bazaar sa FICEC

Tuwing tagsibol at taglagas, may bazaar sa FICEC, na sikat sa mga dayuhang dumadalaw dito. Ngayon ang bazaar ay araw-araw ng bukas sa 2<sup>nd</sup> floor ng FICEC. Maaaring pumunta kung kailan gusto, at maaring mamili ng simpleng pang-araw-araw na gamit. May inihahanda ng malaking bazaar sa panahon ng taglagas. Kapag pumunta para sa Japanese lesson, bumisita at magsama ng mga kaibigan. Siguradong may makikita kayong mga bagay na nakakawili at nakakaaliw.



## Fujimi-shi : INTERNATIONAL FORUM -----Pagbubukas ng pintuan para makisaya sa iba’t ibang kultura ng mga bansa sa buong mundo



Taun-taon ang “International Exchange Forum” sa Fujimi-shi ay sinisimulan ng Japanese drums. Isa itong natatanging lugar para maranasan ang iba’t-ibang banyagang kultura. Noong nakaraang taon ay napakinggan natin ang napakagandang gospel songs. Taun-taon din ang FICEC ang naghahanda sa mga palaro ng iba’t ibang bansa at sa pagtalumpati sa Nihongo ng mga banyaga.

\*Lugar: Culture Hall, Fujimi-shi Kirari-Fujimi 1<sup>st</sup> floor, Multi hall

\*Petsa: Oktubre 7 (Sabado) 11:30 ~ 15:30